

Gyro MAG-KAISA FUKUSHIMA

Pang-anim na edisyon(2012-2-15)

Petsa ng Paglabas) Pebrero 15, 2012

(Ito ay inilathala isang beses sa isang buwan at makikita sa Website)

Mag-iisang taon ng nakalipas mula ng naganap ang kalamidad..Atin pong pagmasdan ang mga tagpo sa lalawigan ng Fukushima nitong kasalukuyan.Inyo rin pong matutunghayan ang aming newsletter sa wikang Hapon,Intsik,Koreyano,Portuges at frances.

【Ang pahayag na liham na ito ay inihahatid ng CLAIR】



Senaryo sa Fukushima



Pagtitipon sa bagong taon ng mga Intsik (1.22.2012,Lungsod ng Fukushima)

Nagtipon tipon ang mga Intsik sa lalawign ng Fukushima at lungsod ng Date upang ipagdiwang ang kanilang Bagong taon.Nasiyahan ang mga dumalo sa kanilng mga palabas at dumplings.



Snowboarding (2.5.2012, Lungsod ng Inawashiro)

May mga 20 ski resorts sa lalawigan ng Fukushima.Maraming pamilya ang dumadayo sa resort na ito upang mag-ski at snowboarding,sa kadahilanang maraming mapagpipiliang kurso at may mga pinakamagandang kuwalidad ng snow sa Japan.



Shinobu Sanzan Akimairi Festival (2.10.2012 Lungsod ng Fukushima)

Ang fiestang ito ay nagsimula noong 300taon ng nakakalipas,at naniniwala ang mga tao na ang higanteng “tsinelas na gawa sa waraji”ay nagbibigay ng suwerte,kaya ito’y inilagay sa shrine sa Bundok ng Shinobu at nagdadasal na magkaroong maraming pag-aani at kaligtasan ng pamilya.Itong taon ding ito kanilang ipinarada ang higanteng tsinelas na “waraji” sa buong lungsod at shrine.



Tinig mula sa Fukushima

Akane Meguro (babae, lungsod ng Iwaki)

Ako po ay nasa ikatlong baitang ng kolehiyo sa kursong Teknolohiya sa Lungsod ng Fukushima. Upang maiwasan atg makasama sa kanila ang radiation, naglagay ng aircon sa bawat silid-aralan. Subalit ako ay nalungkot ng malaman kong lumipat sa ibang lugar ang aking mga kaklase at guro.ang lindol na ito ay nagbigay ng isang paalala sa akin kung papaano at anong klaseng buhay ang aking hinaharap. Noong bagong maganap ang lindol, I nakaramdam ako ng walang paki-alam sa paligid at walang ganang gawin ang ano mang bagay. Ngunit pagkaraan ng kalamidad napagisip-isip ko na kailangang bigyan ng halaga ang oras at pagsumikapan ang mga bagay na nais kong maabot. Isa ako sa nakaramdam ng pahiwatig ng lindol na ito, ang pagbibigay halaga sa pagtulong sa kapwa aat palaging mayroon pagkakaisa. Naniniwala akong magkakaroon ng pagbabago sa buhay sa hinaharap.

Jun Satou (lalake, Lungsod ng Fukushima)

Ako ay isang sophomore ng Unibersidad ng Fukushima. Pngkaraan ng lindol ay pansamantala akong tumigil sa Saitama. Bumalik ako ng Fukushima ng buwan ng Mayo, na pasukan muli. Maraming bagay ang pumasok sa aking isipan tulad ng panandaliang pagdedesisyon. Noong una, aang akala ko ang pag-iisip ng matagal bago magdesisyon ay epektibo. Kaya ang aking teyoriya ngayon ay ang unahin ang pagkilos bago ang pag-iisip. sa ngayon hindi ko alam kung ano ang aking magagawa para sa Fukushima,ngunit nais kong pagsumikapan ang pagtulong sa Lalawigan ito.Sa ngayon sa pagtutulongan ng mga local ng kompanya, ay nagpapalano kaming magkaroon ng mga kaganapan upang makaahon ang lalawigan ng Fukushima.

Ahmed Galal (mula sa Ehipto lalake, lungsod ng Fukushima)

Ako ay nasa Ehipto ng maganap ang lindol.Kahit nasabi ko sa aking asawa na bumalik ng Fukushima, na umuwi ngunit nais niyang tumulong sa kanyang lalawigan kaya't nirespeto ko ang kanyang desisyon.Simula ng Abril ay nagsimula na akong manirahan sa Fukushima kasama ang aking asawa. Sa Ehipto, ang pinakita ng media ay ang mga clip lang ng pagsabog ng planta kaya wala.akong kaalam alam sa totoong pangyayari. Ang aking pampalipas oras ay ang pagkuha ng litrato at aking inilalagay sa site upang Makita ng karamihan, na maganda ang lungsod ng Fukushima. Noong nakaraang araw umulan ng snow at ito ang una kong makaranas at makakita ng snow.Akala ko noong una ito ay isang puting bulaklak na nahulog sa langit, at ako ay nadala sa magagandang hugis. At nailagay ko rin sa site ang mga litratong kinuha ko. Naway maging daan ang pagkuha ko ng litrato sa mga taga ibang bansa na maganda ang Fukushima.

<http://www.flickr.com/photos/66419698@N07/sets/>

Lise Nagata (mula sa Tonga, babae, lungsod ng lwaki)

Pngkaraan ng lindol, ako ay abala sa pag-alaga ng mga matatanda na naninirahang mag-isa at ganoon din sa pagboluntaryo sa ibat-ibang likasan kasama ang iba pang kababayan. Ang aking asawa na nasa Tonga sa dahilanan na roon ang kanya trabaho. Ay tumawag ng ilang beses upang lumikas. Ngunit naisip ko ang mga estudyante ko sa English at mga malalapit na kaibigan na hindi ko sila maiiwan. Nagbukas muli ang paaralan ng buwan ng Mayo at nanumbalik na nanaman ang normal na Fukushima. 35 taon na akong naninirahan sa Fukushima at ito ang aking tahanan. Sa ngayon, ang aking magagawa ay ang mag-isip ng tama at sumulong.

Publisher

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎024-524-1315 FAX 024-521-8308 E-mail info@worldvillage.org URL <http://www.worldvillage.org>